# Ang Kagandahang-loob ng Diyos

## NOTES

## WARM-UP

- Sabihin ang isang bagay na ipinagpapasalamat mo ngayong linggo.
- Balikan ang isang panahon kung kailang nakatanggap ka ng isang bagay na hindi mo inaasahan. Ano ang iyong naramdaman?
- Paano mo ipinapakita sa isang tao na napatawad mo na siya?

**WORD**

*Ang Panginoon ay mahahabagin at matulungin,*
*hindi madaling magalit at sagana sa pagmamahal.*
**MGA SALMO 103:8**

(Basahin din ang **MGA SALMO 103**.)

---

Ang Salmo 103 ay tungkol sa pagpuri sa Diyos. Mula sa unang berso hanggang sa huli, ang kantang ito ay tungkol sa papuri at pasasalamat sa halip na mga hiling at paki-usap. Una, pangunahin, at sa pangkalahatan, ito ay isang kanta ng pagpuri sa kabaitan ng Diyos sa Kanyang mga mamamayan. Ang Diyos ay hindi lamang maawain at pinipigilang ibigay sa mga tao ay karapat-dapat nilang matanggap dahil sa kanilang kasalanan. Siya din ay mapagmahal, at nagbibigay ng hindi natin karapat-dapat na matanggap. Sa araling ito, ating titignan ang kabutihan ng Diyos sa atin.

## 1 Ang kagandahang-loob ng Diyos ay nakapagliligtas.

*2 Pupurihin ko ang Panginoon, at hindi kalilimutan ang kanyang kabutihan. 3 Pinatatawad niya ang lahat kong kasalanan, at pinagagaling ang lahat kong karamdaman. 4 Inililigtas niya ako sa kapahamakan . . .* **MGA SALMO 103:2-4**

Ang salitang "inililigtas" ay nangangahulugan ng pagtubos o pagkuha ng isang bagay kapalit ng isa pang bagay. Sa madaling salita, nangangahulugan ito na kapag tinutubos ang isang bagay, ang isang pagkakautang ay kinakansela. Ang mga salitang ginamit sa bersong ito nagsasabi ng mga ginawa ng Diyos para sa atin: tayo ay pinatawad, pinagaling, at tinubos Niya. Balikan ang isang pagkakataon na naranasan mo ang pagtubos ng Diyos sa iyo.

## 2 Ang kagandahang-loob ng Diyos ay sagana.

*Ang Panginoon ay mahabagin at matulungin, hindi madaling magalit at sagana sa pagmamahal.* **MGA SALMO 103:8**

(Basahin din ang **MGA SALMO 103:9-12.**)

Sa salitang "sagana," napapaisip tayo ng mga bagay na nag-uumapaw, madami, at sobrang laki ng bilang. Ang biyaya ng Diyos ay nakatutubos, at kaya tayong iligtas. Subalit ito rin ay sagana at ayon sa matatag na pagmamahal. Matapos tayong tubusin, hindi Niya ibinibigay sa atin ang dapat nating matanggap. Higit pa rito, ipinapakita Niya ang Kanyang pagmamahal sa pamamagitan ng paglalayo sa atin mula sa ating mga kasalanan na gaya ng layo ng silangan sa kanluran. Ito ay hindi natin dapat matanggap. Paano naaapektuhan ng masagana at matatag na pag-ibig ng Diyos ang ating pakikisalamuha sa ating kapamilya at kaibigan?

........................................................................................................

........................................................................................................

........................................................................................................

## 3 Ang kagandahang-loob ng Diyos ay walang hanggan.

*17-18 Ngunit ang pag-ibig ng Panginoon ay walang hanggan sa mga may takot sa kanya, sa mga tumutupad ng kanyang kasunduan, at sa mga sumusunod sa kanyang mga utos. At ang kanyang katuwirang ginagawa ay magpapatuloy sa kanilang mga angkan.* **MGA SALMO 103:17,18**

Alam na natin na ang grasya ng Diyos ay nakatutubos at sagana sa matatag na pagmamahal. Higit pa rito, sinabi ni David na ang matatag na pag-ibig ng Diyos ay walang hanggan at magpapatuloy mga angkan. Ayon sa Salmo 103:18, ang ating tapat na pagsunod sa Diyos ay gumagawa ng daan upang matanggap natin ang walang hanggang grasya ng Diyos. Paano binabago ng kasiguraduhan ng walang hanggang pag-ibig ng Diyos ang pananaw mo sa buhay?

........................................................................................................

........................................................................................................

........................................................................................................

## APPLICATION

- Ibahagi ang tatlo sa pinakamalalaking pagpapala na natanggap mo mula sa Diyos. Maglaan din ng oras upang ipa-alala sa sarili ang kabaitan ng Diyos ngayong linggo.
- Ang tapat na pagsunod ay nagbibigay ng pagkakataon upang makita ang walang hanggang kabaitan ng Diyos. Sa anong bahagi ng buhay mo kailangan ang tapat na pagsunod sa Diyos ngayong linggo?
- Paano mo maipapakita ang pagmamahal at kabaitan ng Diyos sa isang miyembro ng iyong pamilya o kaibigan ngayong linggo? Ibahagi ang isang bagay na maaari mong gawin.

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa Kanyang awa at kabaitan sa atin, na Siya ay hindi madaling magalit at nag-uumapaw sa tapat na pagmamahal.
- Hingin sa Diyos ang kakayahan na tapat na sumunod sa Kanya. Ipanalangin na magawa mong maglaan ng puwang sa iyong buhay upang maipakita ang Kanyang kabaitan.
- Ipanalangin na maipakita mo sa iyong pamilya at mga kaibigan ngayong taon ang kabaitan at pasensiya na tulad ng ipinapakita Niya sa atin.

VICTORY

© 2017 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot
mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.
victory.org.ph